



2024 Mga Madalas Itanong sa Aplikasyon sa Listahan ng Paghihintay

Ang mga Bai-baitang Tagubilin sa Aplikasyon na may kasamang mga computer screenshot ay matatagpuan sa Mga Tagubilin sa Aplikasyon sa Listahan ng Paghihintay.

Q1: Kailan at anong oras magbubukas ang Listahan ng Paghihintay? Anong mga Listahan ng Paghihintay ang magbubukas?

A1: Ang Awtoridad ng Pabahay ng City of Alameda (AHA) ay bubuksan ang Listahan ng Paghihintay para sa programang Housing Choice Voucher (HCV) at pipili ng mga programang Project-Based Voucher (PBV) sa **Disyembre 3, 2024, ng 12:00 p.m. (tanghali), PST**. Ang AHA ay hihinto sa pagtanggap ng mga aplikasyon sa pagsapit ng **Disyembre 16, 2024, ng 12:00 p.m. (tanghali), PST** para sa programang Housing Choice Voucher at karamihan sa mga listahan ng paghihintay ng Project-Based Voucher. Ang tanging listahan ng paghihintay na mananatiling bukas ay ang Faircloth (PBV).

Kasama ang Housing Choice Voucher (isang nakabatay sa nangungupahan na voucher program na kilala dati bilang Seksyon 8), ang sumusunod na Project-Based Voucher (isang programa kung saan ang alok na tulong ay naka-bind sa pisikal na unit sa Lungsod ng Alameda) na Mga Listahan ng Paghihintay ay magbubukas (tingnan ang tanong sa ibaba para sa mga partikular na laki at numero ng unit na ilalagay sa mga listahan ng paghihintay ng PBV):

- **Senior (PBV)** – estudyo, 1-silid-tulugan, and 2-unit ng silid-tulugan. Pinuno ng sambahayan o pangalawang pinuno/asawa ay dapat na 62 taong gulang pataas.
- **Family (PBV)** – estudyo, 1, 2, 3, 4, at 5-unit ng silid-tulugan.
- **Park Alameda (PBV)** – unit ng estudyo.
- **Faircloth (PBV)** – 1- silid-tulugan at 2-unit ng silid-tulugan.

Q2: Paano isusumite ang isang aplikasyon?

A2: Para mas mahusay na mapagsilbihan ang mga aplikante at para gawing available sa lahat ang proseso ng aplikasyon, kabilang ang mga pinaka hindi malamang na mag-apply, ang buong proseso ng aplikasyon ay available online sa <https://recertification.alamedahsg.org/> Ang isang link sa



website na ito ay available sa <http://www.alamedahsg.org>. Ang mga aplikasyon ay maaari lamang ibigay online. Walang mga aplikasyon na ibibigay sa mga tanggapan ng Awtoridad ng Pabahay. Ang mga aplikante ay dapat na mag-apply sa panahon na ang listahan ng paghihintay ay bukas para sa mga aplikasyon. Ang isang resibo ng kumpirmasyon ay agad na ibibigay pagkatapos maisumite ang aplikasyon sa listahan ng paghihintay sa pamamagitan ng email. Kinakailangan ang isang email address upang magsumite ng aplikasyon. Ang nakasulat na kahilingan sa makatwirang tirahan dahil sa isang kapansanan ay maaaring isumite ng maaga. Ang isang kahilingan para sa tirahan ay dapat matanggap ng Awtoridad ng Pabahay nang hindi lalampas sa Disyembre 16, 2024, ng 9:00 a.m.

Q3: Mahalaga ba kung ang aplikasyon ay naisumite sa eksaktong oras ng pagbubukas?

A3: Hindi. Ang oras at petsa ng pagtanggap ng aplikasyon sa online ay walang kinalaman kung ang aplikasyon ay pipiliin para sa alinman sa mga Listahan ng Paghihintay hangga't ito ay nasa bukas na mga petsang nakalista sa taas. Hindi kailangan o walang kalamangan na mag-apply kaagad pagkatapos magbukas ng listahan. Sa katunayan, maaari silang makaranas ng mas mabagal na oras ng pagtugon mula sa online system. Sa lahat ng mga aplikasyon na natanggap, random na pipiliin ang mga aplikasyon para sa paglalagay sa bawat Listahan ng Paghihintay. Pagkatapos ng random na loterya, ang mga aplikasyon ay pag-uuri-uriin ayon sa ni-claim na kagustuhan, kaya sa sandaling mapiling mailagay sa Listahan ng Paghihintays, ang mga aplikante ay ipoproseso sa pamamagitan ng kabuuang bilang ng mga punto ng kagustuhan kung saan ang pamilya ay kwalipikado at pagkatapos ay sa pamamagitan ng numero ng loterya na random na itinalaga sa aplikante.

Q4: Ano ang mga oras na tatanggapin ng website ang mga aplikasyon?

A4: Ang website ay tatanggap ng mga aplikasyon 24 oras sa isang araw mula **Disyembre 3, 2024, ng 12:00 p.m. (tanghali), PST** hanggang **Disyembre 16, 2024, ng 12:00 p.m. (tanghali), PST** para sa lahat ng nasa itaas na mga listahan ng paghihintay. Ang website ay patuloy na tatanggap ng mga aplikasyon sa listahan ng paghihintay ng Faircloth pagkatapos ng Disyembre 16, 2024.

Q5: Paano makukumpleto ang aplikasyon kung walang internet o computer sa bahay?

A5: Maaari kang gumamit ng anumang computer, smartphone o tablet. Upang matiyak ang availability at access sa online system, ang Awtoridad ng Pabahay ng Lungsod ng Alameda ay nakipagsosyo sa lokal na organisasyon ng komunidad, bilang mga Sentro ng Aplikasyon. Maaari kang tulungan ng isang tagapagtaguyod o advocate, kaibigan o miyembro ng pamilya na mag-apply, ngunit kakailanganin nila ng sapat na impormasyon upang magsumite. Sa panahon ng pagbubukas ng Listahan ng Paghihintay, ang mga Sentro ng Aplikasyon ay magkakaroon ng mga istasyon ng trabaho na mayroong internet access upang mabigyan ng opsyon ang mga aplikante na walang access na mag-apply. Bukod pa rito, ang mga kawani ng Awtoridad ng Pabahay ay naroroon sa mga lokasyong iyon upang tulungan ang mga nangangailangan ng tulong sa online na proseso. Karamihan sa mga pampublikong aklatan ay nagbibigay ng libreng access sa internet.

Para masuri ang mga Sentro ng Aplikasyon sa Listahan ng Paghihintay para sa Pabahay, mangyaring bisitahin ang webpage na ito: <https://www.alamedahsg.org/applicants/wait-lists/>



Q6: Maaari bang kumpletuhin ang aplikasyon sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa numero, o sa pamamagitan ng pagpunta sa Tanggapan ng Awtoridad ng Pabahay sa 701 Atlantic?

A6: Hindi. Walang aplikasyon ang ibibigay o tatanggapin sa Tanggapan ng Awtoridad ng Pabahay ng Lungsod ng Alameda. Ang mga aplikante ay maaaring mag-apply ng libre sa online saan man sa mga Application Center sa itaas. Kung ang aplikante ay isang taong may kapansanan, ang kawani ng AHA ay naroroon sa mga lokasyong iyon upang tulungan ang mga nangangailangan ng tulong sa online na proseso. (Tingnan sa ibaba ang mga makatwirang tirahan para sa mga taong may kapansanan)

Q7: Kailangan ko bang magsumite ng maraming aplikasyon para sa isa sa mga listahan ng paghihintay?

A7: Hindi. Ang online na sistema ay magbibigay daan sayo na pumili ng maraming listahan ng paghihintay sa isahang pag-apply.

Q8: Kung ang aking pangalan ay hindi napili ng random na loterya para sa isang listahan ng paghihintay, ma-isasaalang-alang ba ang aking aplikasyon sa iba pang mga listahan ng paghihintay?

A8: Oo, ang bawat random na pagpili ay hiwalay na isasagawa mula sa iba pang random na mga pagpili.

Q9: Kung ang aking pangalan ay napili sa random na loterya para sa isang listahan ng paghihintay, maaari ko ba itong palitan ng ibang listahan ng paghihintay?

A9: Hindi, ang bawat random na pagpili ay isasagawa ng hiwalay mula sa iba pang random na mga pagpili. Dahil dito, ilalagay ka lamang sa mga listahan ng paghihintay kung saan ang iyong pangalan ay random na napili.

Q10: Maaari bang mag-apply ang sinuman, o kailangan ko bang maging isang mamamayan?

A10: Kahit sino ay pwedeng mag-apply, ngunit mayroong ilang pamantayan sa pagiging kwalipikado. Kahit isang tao man lang ng sambahayan ay dapat na isang mamamayan ng U.S. o nasyunal o kabilang sa mga tinukoy na kategorya ng mga hindi mamamayan na may kwalipikado na katayuan sa imigrasyon. Ang tulong sa programang ito ay pro-rate para sa sinumang indibidwal na hindi mamamayan, hindi nasyonal, o hindi nagtataglay ng kwalipikadong katayuan sa imigrasyon. Kung ang iyong aplikasyon ay random na napili para sa pagkakalagay sa isang Listahan ng Paghihintay, ang sambahayan ay kailangang magbigay ng dokumentasyon ng Katayuan ng Pagkamamamayan o Imigrasyon bago makatanggap ng tulong.

Ang isang pamantayan sa pagiging kwalipikado ay tinutukoy batay sa kabuuan ng taunang kabuuang kita at laki ng pamilya. Ang kita ng pamilya ay hindi maaaring lumampas sa 50% ng katamtamang kita na dinetermina ng laki ng pamilya. Ang kasalukuyang mga limitasyon ay nasa ibaba.

| Bilang ng Miyembro ng Pamilya | Napakababa (50% ng Katamtaman) |
|-------------------------------|--------------------------------|
| 1 | \$54,500 |



| Bilang ng Miyembro ng Pamilya | Napakababa (50% ng Katamtaman) |
|-------------------------------|--------------------------------|
| 2 | \$62,300 |
| 3 | \$70,100 |
| 4 | \$77,850 |
| 5 | \$84,100 |
| 6 | \$90,350 |
| 7 | \$96,550 |
| 8 | \$102,800 |

Ang pangalawang pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa mga programa ay ang kahit isang tao sa sambahayan ay dapat na isang mamamayan ng U.S. o nasyunal o kabilang sa mga tinukoy na kategorya ng mga hindi mamamayan na may kwalipikadong katayuan sa imigrasyon. Ang tulong sa programang ito ay pro-rate para sa sinumang indibidwal na hindi mamamayan, hindi nasyonal, o hindi nagtataglay ng kwalipikadong katayuan sa imigrasyon.

Ang bilang ng mga miyembro ng pamilya na maaaring tumira sa unit ay limitado ng isang polisiya at maaaring makaapekto sa pagiging kwalipikado ng sambahayan lalo na para sa project-based voucher na mga unit.

PBV

Ang AHA ay magtatalaga ng isang silid-tulugan para sa bawat dalawang tao sa loob ng sambahayan, maliban na ang pinuno ng sambahayan na walang asawa/katuwang ay bibigyan ng isang silid-tulugan para sa pinuno ng sambahayan.

Ang mga halmbawa nito ay:

- Ang isang sambahayan na may isa lamang na pinuno at asawa/katuwang ay makakatanggap ng alinman sa wala o isang silid-tulugan na pamantayan ng subsidyo.
- Ang isang sambahayan ng isang pinuno ng sambahayan at ibang nasa hustong gulang ay makakatanggap ng 2 silid-tulugan na subsidyo.
- Ang isang sambahayan na may pinuno, katuwang/asawa, at dalawang menor de edad na anak ay makakatanggap ng 2 silid-tulugan na subsidyo.
- Ang isang sambahayang may isang pinuno, ibang nasa hustong gulang, at dalawang menor de edad na anak ay makakatanggap ng 3 silid-tulugan na subsidyo.

Mayroong mga Moving to Work (MTW) na mga Aktibidad na nakakaapekto sa bilang ng mga tao at laki ng unit kung saan kwalipikado ang isang pamilya. Ang MTW Activity 2022-14 ay nangangailangan din ng pamilyang nasa Project-Based Voucher na programa na maabisuhan tungkol sa laki ng kwarto kung saan kwalipikado ang pamilya sa ilalim ng pamantayan ng subsidy sa itaas, ngunit ang pamilya ay maaaring piliin na maging hindi sapat sa tirahan (nakatira sa isang unit na may kunting silid tulugan) kung ang unit ay hindi masikip o punung-puno. Halimbawa, ang pamilyang binubuo ng isang pinuno ng sambahayan at menor de edad ay kwalipikado para sa 2-silid-tulugan, ngunit ang pamilya ay maaaring tumira sa isang studio o 1-silid-tulugan sa kahilingan ng pamilya o isang bagong pasok na



pamilya na may isang pinuno ng sambahayan at live-in na katulong ay magiging kwalipikado para sa 1) isang studio 2) isang silid-tulugan na unit o 3) dalawang silid-tulugan na unit.

Q11: Kailangan ko ba ng isang Social Security Number para makapag-apply?

A11: Hindi, gayunpaman, kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay may nakatalagang Social Security Number, dapat itong ihayag sa panahon ng aplikasyon. Kung ang mga aplikante ay walang Social Security Number, sundin ang mga direksyon sa aplikasyon.

Q12: Kailangan bang magbayad ng aplikante para makapag-apply?

A12: Hindi! Walang gastos para mag-apply para sa pabahay at ang isang credit report ay hindi kailangan para mag-apply. Ang mga Opisyal ng Awtoridad ng Pabahay ng Lungsod ng Alameda ay nagbabala sa mga aplikante na huwag gumamit ng ibang website o search engine gaya ng Google para mag-apply para sa Listahan ng Paghihintay. Ang ilang mga hindi lehitimong website ay naniningil ng mga bayarin para magsumite ng aplikasyon at maaaring mangailangan ng mga personal na impormasyon gaya ng social security number o impormasyon ng debit/credit upang mag-apply. Sinasabi ng mga website na ito na ang impormasyong ito ay kailangan para sa isang credit check upang magsumite ng isang aplikasyon. Ito ay isang scam at maaaring humantong sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Ang mga opisyal ng Awtoridad ng Pabahay ay nagpayo na ang pinakamainam na paraan na mahanap ang tamang website ng aplikasyon ay ang pag-type ng <https://recertification.alamedahsg.org/> ng direkta sa website address bar na karaniwang matatagpuan sa kaliwang tuktok ng browser sa screen ng computer.

Q13: Paano kung hindi available ang website at hindi maisumite ang mga aplikasyon?

A13: Ang website ay hindi tatanggap ng mga aplikasyon hanggang **Disyembre 3, 2024, ng 12:00 p.m. (tanghali), PST**. Kung magkakaproblema ka nito sa pagitang ng **Disyembre 3, 2024, ng 12:00 p.m. (tanghali), PST** hanggang **Disyembre 16, 2024, ng 12:00 p.m., PDT (tanghali)**, tingnan ang address ng website na iyong ipinasok at i-check ang status ng koneksyon sa internet para masiguro na gumagana ito. Subukang gumamit ng ibang browser, device o serbisyo ng Wi-Fi. Kung ang koneksyon sa internet ay kasalukuyang hindi gumagana, ang isang aplikasyon ay maaaring tapusin sa isa sa mga Application Center. Kung gumagana ang iyong koneksyon sa internet at hindi parin available ang website, mangyaring mag-email sa IT@alamedahsg.org. Mangyaring tandaang na hindi kami makakatugon sa indibidwal na mga email, ngunit ang impormasyong ito ay makakatulong sa amin na ayusin ang mga isyu na maaaring lumitaw para sa mga aplikante sa pangkalahatan.

Q14: Maaari bang i-sign up ako ng iba?

A14: Maaaring kumpletuhin ng mga kaibigan, mga miyembro ng pamilya, o mga boluntaryo ang isang aplikasyon para sa isang aplikante, gayunpaman, dapat patunayan ng aplikante na ang lahat ng impormasyong ibinigay ay totoo at kumpleto.

Q15: Kung ang mga anak ay nasa aplikasyon, kailangan bang isama ang kanilang kita?



A15: Oo, dapat ihayag ang lahat ng kita ng miyembro ng pamilya. Ang inihayag na kita ay walang kinalaman sa kung ang iyong aplikasyon ay random na napili para mapasok sa Listahan ng Paghihintay. Ang kabiguang iulat ang kita ay maaaring magresulta sa pagtangga ng aplikasyon sa panahon ng proseso ng pagiging kwalipikado. Mangyaring iulat sa aplikasyon ang lahat ng kita at ilista ang lahat ng miyembro ng pamilya na maninirahan sa unit.

Q16: Paano ko ipapasok ang mga bata sa online na aplikasyon?

A16: Kung ang bata ay hindi Foster Child, siya ay mako-code bilang "Youth<18." Kung ang bata ay isang Foster Child, siya ay mako-code bilang "Foster." Ang bata ay ipinasok sa isa sa mga unang screen, kaya tiyaking naipasok mo ang iba pang miyembro ng sambahayan bago tanggapin ang mga tuntunin at kundisyon at pindutin ang susunod na pahina ng Final review at submission.

Q17: Bakit hindi ko makumpleto ang impormasyon sa pagkamamamayan para sa aking Live-In na Katulong?

A17: Ang impormasyon sa pagkamamamayan ay hindi kinakailangan para sa mga indibidwal na may ganitong uri ng relasyon dahil ang Live-in na katulong ay mga miyembro ng "Sambahayan" at hindi mga miyembro ng "Pamilya".

Q18: Nasa website ako at nagsimula akong kumpletuhin ang aking aplikasyon. Nawalan ako ng internet sa kalagitnaan. Paano ako makakabalik?

A18: Kakailanganin mong mag-log in ulit sa iyong nilikhang account (mangyaring sumangguni sa mga detalyadong screenshot sa paggawa ng isang account) at hanapin ang katayuan ng iyong aplikasyon.

Q19: Anong uri ng tulong ang available sa mga indibidwal na may kapansanan upang makumpleto ang isang aplikasyon?

A19: Upang matiyak ang availability at access sa online system, ang Awtoridad ng Pabahay ng Lungsod ng Alameda ay nakipagsosyo sa mga organisasyong nakalista sa listahan ng mga Application Center. Ang mga ahensyang ito ay magkakaroon ng mga workstation na may access sa internet upang mabigyan ng opsyon ang mga aplikanteng walang access na makapag-apply sa panahon ng pagbubukas ng Listahan ng Paghihintay. Bukod pa rito, ang mga boluntaryo ay naroroon sa mga lokasyong iyon upang tumulong sa mga nangangailangan ng tulong sa online na proseso. (Tingnan sa ibaba ang mga makatwirang tirahan para sa mga taong may kapansanan.)

Mangyaring tingnan ang mga Listahan ng Application Center sa aming website:

<https://www.alamedahsg.org/applicants/wait-lists/>

Q20: Kailangan ko ng makatwirang tirahan dahil sa aking kapansanan. Ano ang patakaran ng iyong Awtoridad sa Pabahay sa paghawak ng mga naturang kahilingan?

A20: Ang proseso ng outreach at aplikasyon ay magsisikap na tanggalin ang mga hadlang sa aplikasyon para sa mga taong may kapansanan. Ang mga Application Center ay may mga kawani ng AHA na available upang tumulong sa proseso ng aplikasyon, ngunit kung ang mga center na ito ay



nakakatugon sa iyong mga pangangailangan, ang isang kahilingan para sa tirahan ay dapat na matanggap ng Awtoridad ng Pabahay ng hindi lalampas sa Disyembre 16, 2024, ng 9:00 a.m. Ang isang kahilingan na namarkahan ng koreo sa petsang ito ay hindi nakakatugon sa requirement na ito. Ang kahilingan ay dapat isumite sa pamamagitan ng email sa RA@alamedahsg.org o sa pamamagitan ng US Mail sa PO Box 3199, 1415 Webster St, Alameda, CA 94501. Ang kahilingan ay dapat na may kasamang dokumentasyon ng pangangailangan para sa tirahan mula sa isang propesyonal na may kaalaman (hindi kailangang ibigay ang medikal na detalye ng kapansanan). Ang isang form para humiling ng makatwirang tirahan ay available sa aming website, ngunit ang kahilingan ay maaaring gawin nang hindi ginagamit ang aming standard na form.

Ang proseso ng makatwirang tirahan ay magbibigay-daan sa pantay-pantay na pag-access ng mga aplikante sa proseso ng pre-application; sa madaling salita, tutulong sa pagtiyak na ang aplikante ay makakapagsumite ng isang elektronikong paunang aplikasyon. Ang prosesong ito AY HINDI papayagan ang mga pamilya na i-bypass ang random na pagpili upang mailagay sa listahan ng paghihintay.

Q21: Maaari ba akong mag-apply ng higit sa isang beses?

A21: Hindi, hindi papayagan ng system ang sinumang tao na magkaroon ng higit sa isang aplikasyon, ngunit maaari kang mag-apply sa bawat bukas na Listahan ng Paghihintay sa pamamagitan ng patch-check sa kahon sa tabi ng bawat Listahan ng Paghihintay sa selection screen ng Listahan ng Paghihintay sa panahon ng proseso ng aplikasyon.

Q22: Kailan ako makakarinig muli?

A22: Ang system ay awtomatikong bubuo ng mga e-mail sa iba't ibang oras sa panahon ng proseso. Ang mga aplikante ay makakatanggap ng email sa loob ng ilang araw ng pagsara ng listahan ng paghihintay na ang aplikasyon ay ipinasok sa random na loterya. Tandaan na ito ay hindi isang kumpirmasyon na an aplikasyon ay napiling mailagay sa listahan ng paghihintay. Inaasahan na ang resulta ng random na loterya ay makukumpleto at maipopost sa online ng humigit-kumulang tatlong linggo pagkatapos ng pagsasara. Ang mga email ay ipapadala sa lahat ng mga pamilya na nag-aabiso sa kanila kung ang kanilang aplikasyon ay napili sa parehong pagkakataon. Tingnan pareho ang iyong email inbox at junk mail para sa email mula sa system.

Q23: Paano sinusuri ang katayuan ng isang aplikasyon?

A23: Kapag nagsara na ang Listahan ng Paghihintay, lahat ng mga aplikasyon na isinumite ay ilalagay sa isang random na loterya para sa pagkakatagay sa bawat Listahan ng Paghihintay. Kapag kumpleto ng ang loterya, ang impormasyon ng katayuan ay i-popost sa bawat account ng aplikante sa portal, <https://recertification.alamedahsg.org/>. Inaasahang mangyayari ito tatlong linggo pagtakapos na pagsasara. Mag-log in sa account na nilikha sa website sa itaas at i-click ang **Waiting List Status** para tingnan ang katayuan ng listahan ng paghihintay. **Huwag tumawag sa Awtoridad ng Pabahay.**



Q24: Paano kung lumipat ako?

A24: Kung lilipat ka sa pagitan ng kung kalian ang iyong aplikasyon ay isinumite at ang random na loterya ay nakumpleto, maaaring mong i-check kung ang iyong aplikasyon ay napili para sa isang Listahan ng Paghihintay sa online mga tatlong linggo pagkatapos ng pagsasara. Kung ang iyong aplikasyon ay nailagay sa Listahan ng Paghihintay, kailangan mong ipaalam sa Awtoridad ng Pabahay kapag ang iyong impormasyon sa aplikasyon ay nabago, tulad ng address, komposisyon ng pamilya o kita sa pamamagitan ng pag-log in sa online at pag sumite ng update sa pamamagitan ng portal. **MAAARI MO LANG TINGNAN ANG KATAYUAN NG IYONG APLIKASYON SA ONLINE.**

Q25: Mayroon akong limitadong kasanayan sa Ingles. Ano ang iba pang uri ng mga wika ang sinusupportahan ng iyong proseso ng aplikasyon?

A25: Ang online na aplikasyon ay available sa English, Spanish, Tagalog/Filipino, Vietnamese, Chinese (Traditional) at Chinese (Simplified). Ang aplikasyon ay maaaring isalin sa online gamit ang Google Translate. Ang impormasyon ay ibibigay ng aming website www.alamedahsg.org sa mga sumusunod na wika: English, Spanish, Tagalog/Filipino, Chinese, at Vietnamese dahil ini-require sa ilalim ng Limited English Proficiency na requirement na itinakda ng HUD.

Q26: Gusto ko ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong Awtoridad sa Pabahay at mga programang pabahay na ibinibigay nito.

A26: Mayroon kaming karagdagang impormasyon sa programang pabahay na available sa aming website na makikita sa www.alamedahsg.org.

Q27: Ilang tao ang matatanggap sa listahan ng paghihintay?

A27: Mayroong iba't ibang bilang na mailalagay sa bawat listahan ng paghihintay. Inilaan ng Awtoridad sa Pabahay ang karapatan na dagdagan ang bilang nito ayon sa pangangailangan ng negosyo. Ang sumusunod ng talahanayan ay nagpapahiwatig ng minimum na bilang ng sambahayan na tatanggapin sa bawat listahan ng paghihintay kung ipagpapalagay na mas mataas ang bilang ng mga pamilyang mag-aapply sa kumbinasyon ng listahan ng paghihintay at silid-tulugan:

| Listahan ng Paghihintay | Silid-tulugan | Bilang ng mga sambahayang napili ng random na loterya | Pagiging Kwalipikado ng Kabuuang Kita | Pangkalahatang Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado |
|-------------------------|---------------|---|---------------------------------------|--|
| Park Alameda (PBV) | 0 | 500 | Napakababa | Sumusuportang Mga Serbisyo |
| Senior (PBV) | 0 | 2000 | Napakababa | Pinuno ng sambahayan o katuwang/asawa ay dapat ng 62 taong gulang o higit pa |
| Senior (PBV) | 1 | 3000 | Napakababa | Pinuno ng sambahayan o katuwang/asawa ay dapat ng 62 taong gulang o higit pa |



| Listahan ng Paghihintay | Silid-tulugan | Bilang ng mga sambahayang napili ng random na loterya | Pagiging Kwalipikado ng Kabuuang Kita | Pangkalahatang Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado |
|------------------------------|---------------|---|---------------------------------------|--|
| Senior (PBV) | 2 | 100 | Napakababa | Pinuno ng sambahayan o katuwang/asawa ay dapat ng 62 taong gulang o higit pa |
| Pamilya (PBV) | 0 | 750 | Napakababa | |
| Pamilya (PBV) | 1 | 750 | Napakababa | |
| Pamilya (PBV) | 2 | 1000 | Napakababa | |
| Pamilya (PBV) | 3 | 2500 | Napakababa | |
| Pamilya (PBV) | 4 | 800 | Napakababa | |
| Pamilya (PBV) | 5 | 100 | Napakababa | |
| Housing Choice Voucher (HCV) | N/A | 3000 | Napakababa | |
| Faircloth (PBV) | 1-2 | N/A | Napakababa | Ang listahan ng paghihintay na ito ay mananatiling bukas |

Q28: Bakit mayroong loterya?

A28: Dahil sa pagkakaroon ng limitadong pondo at mataas na demand, ang mga aplikasyon ay pipiliin at i-order gamit ang isang system ng random na loterya. **Hindi lahat ng aplikante ay ilalagay sa Listahan ng Paghihintay.**

Sa pamamagitan ng random na pagpili sa mga aplikasyong natanggap para sa paglalagay sa isang Listahan ng Paghihintay, ang proseso ay pantay-pantay. Ang oras at petsa ng pagtanggap ng aplikasyon sa online ay walang kinalaman sa kung ang aplikasyon ay mapipili para sa isang Listahan ng Paghihintay. Hindi kailangan o walang kalamangan na mag-apply kaagad matapos magbukas ng listahan, sa katunayan, maaari silang makaranas ng mabagal na oras ng pagtugon o limitadong availability mula sa online system.

Kapag ang mga aplikasyon ay random na napili, ang mga ni-claim na kagustuhan ay ilalapat, kaya ang mga aplikante ay i-order sa pamamagitan ng pinagsama-samang bilang ng mga punto ng kagustuhan kung saan ang pamilya ay kwalipikado at pagkatapos ay sa pamamagitan ng numero ng loterya na random na naitalaga sa aplikante nang nailagay sa listahan ng paghihintay.

Q29: Makakatanggap ba ako ng pabahay kung magsumite ako ng aplikasyon?

A29: Ang pagsusumite ng isang aplikasyon ay hindi ginagarantiyahan ang pagkakalagay sa isang Listahan ng Paghihintay, pagiging kwalipikado, o ang isang alok ng pabahay.



Q30: Ano ang mga responsibilidad ko?

A30: Ang bawat aplikante ay dapat patunayan na ang lahat ng impormasyong ibinigay ay tumpak, totoo at tama sa kaalaman ng aplikante. Ang pagsumite ng aplikasyon sa takdang oras ay kinakailangan para sa isang pagkakataong mapili para sa isang posisyon sa Listahan ng Paghihintay. Para sa mga aplikanteng random na napili na mailagay sa Listahan ng Paghihintay, ang mga responsibilidad habang nasa Listahan ng Paghihintay ay babalangkasin sa oras ng pag-abiso ng random na pagpili. Dapat panatilihin ng mga aplikante ang kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Awtoridad ng Pabahay sa pamamagitan online portal kung napili para sa pagkakalagay sa listahan ng paghihintay.

Q31: Nauunawaan kong mayroong walang-bayad na linyang matatawagan. Ano ang numero?

A31: Dahil sa malaking demand para sa mga programang pabahay, isang espesyal na [multi-lingual] na linya ng impormasyon ang itatatag upang magbigay ng pre-recorded na impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon sa panahon ng pagbubukas. Ang walang bayad na numero ay (888) 506 - 1220. Ang parehong impormasyon ay available sa www.alamedahsg.org.

Ang mga aplikante ay hindi dapat tumawag sa pangunahing numero ng Awtoridad ng Pabahay para sa tulong sa online na proseso.

Q32: Maaari ba akong tumawag o mag-email para sa karagdagang impormasyon?

A32: Maaari kang tumawag sa walang bayad na linya sa (888) 506-1220 para sa pre-recorded na impormasyon o bisitahin ang website sa www.alamedahsg.org para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga kawani ng Awtoridad ng Pabahay ay tutugon sa mga kahilingan sa makatwirang tirahan, ngunit kung hindi man, ay sasagot sa mga tawag o email sa panahon ng pagbubukas ng Listahan ng Paghihintay na ito dahil sa dami ng mga katanungan.

Q33: Anong mga kagustuhan ang pwedeng applyan ng isang sambahayan? Nakakaapekto ba ng pag-claim ng kagustuhan kung ako ay nailagay sa isang Listahan ng Paghihintay o hindi?

A33: Ang mga kagustuhan ay ilalapat para pagsunod-sunudin ang Listahan ng Paghihintay PAGKATAPOS ng loteryang pagpiliat maaaring makaapekto sa pagkakasunod-sunod kung saan ang mga aplikante sa Listahan ng Paghihintay ay nakontak para sa tulong. Lahay ng mga na-claim na kagustuhan ay i-verify. Ang mga na-claim na kagustuhan ay hindi pakakaapekto sa random na loteryang pagpili.

Q34: Sino ang kwalipikado para sa mga kagustuhan?

A34: Ang AHA ay nagtatag ng lokal na mga kagustuhan para sa Programang HCV, ang Programang PBV sa Park Alameda Apartments, at ang PBV Program sa lahat ng iba pang mga site na ang listahan ng paghihintay ay bukas sa panahong ito. Ang mga kagustuhan na ito ay:



| S8 – Programang Housing Choice Voucher (HCV) | PBV-F0-2; PBV-F3+; and PBV-SR | PBV – Park Alameda | PBV – Faircloth |
|--|--|--|--|
| Mga Nagtapos sa FUP | Mga nangungupahan Sa Lugar para sa mga unit ng for PBV | Mga nangungupahan Sa Lugar para sa mga unit ng for PBV | Mga nangungupahan Sa Lugar para sa mga unit ng for PBV |
| Aplikanteng Pinalikas ng Pamublikong Aksyon | Aplikanteng Pinalikas ng Pamublikong Aksyon | Mga Serbisyong Pansuporta na Partikular sa Kapansanan | Senior |
| Mga Espesyal na Probisyon (Mga residente ng pinamamahalaang sobra/kulang sa pabahay) | Winakasan dahil sa kakulangan ng pondo | Aplikanteng Pinalikas ng Pamublikong Aksyon | Aplikanteng Pinalikas ng Pamublikong Aksyon |
| Winakasan dahil sa kakulangan ng pondo | Paninirahan | Winakasan dahil sa kakulangan ng pondo | Winakasan dahil sa kakulangan ng pondo |
| Paninirahan | Pamilya (Senior o May Kapansanan) | Paninirahan | Paninirahan |
| Pamilya (Senior o May Kapansanan) | Beterano | Pamilya (Senior o May Kapansanan) | Pamilya (Senior o May Kapansanan) |
| Beterano | | Beterano | Beterano |

Ang sumusunod ay isang paglalarawan ng bawat kagustuhan.

Mga Nagtapos sa FUP:

Ang Emancipated Youth ay tumulong sa pagpopondo ng Family Unification Program (FUP) alinsunod sa mga regulasyon ng FUP na may petsang 2009 o later na binigyan ng tulong para sa isang nakapirming termino ng tatlumpo't anim na buwan na ngayon ay matatapos na ang tatlumpo't anim na buwang iyon at inirefer ng Alameda County Social Service para sa tulong sa ilalim ng Programang HCV. Ang mga admisyon ay limitado sa lima kada buwan ng kalendaryo para sa kagustuhan na ito na napapailalim sa availability ng mga voucher.

APLIKANTENG PINALIKAS NG PAMPUBLIKONG AKSYON:

(Mga) Lumikas ng tao. Isang tao o mga taong naninirahan sa hurisdiksyon ng AHA, ayon sa tinukoy ng AHA:

- Nawasak, ginawang hindi matitirahan o o inaasahang hindi matitirahan nang hindi bababa sa 180 araw mula sa petsa na paglikas bilang resulta ng pagkilos o kawalan ng pagkilos ng landlord bilang tugon sa isang sakunang idineklara ng Pederal na Gobyerno o ang Estado ng California—sa kundisyon na ang pamilya ay natugunan ang lahat ng kundisyon ng pagtira sa oras ng pangyayaring iyon; o



- Naging, o magiging, legal o hindi matitirahan ng, hindi bababa sa, 180 araw mula sa petsa ng paglikas bilang resulta ng redevelopment na aktibidad o mga aksyon na humihimok sa Uniform Relocation Assistance and Real Property Acquisition Policies Act of 1970 (Uniform Relocation Act) at Seksyon 104(d) ng Housing and Community Development Act (HCD).

Lumikas na pamilya. (Isang) Lumikas na (mga) tao na:

- Nakapagsumite ng online o papel na aplikasyon sa AHA para sa tulong sa pabahay sa loob ng 120 araw pagkatapos ng petsa ng paglikas mula sa isang tirahan na matatagpuan sa loob ng hurisdiksyon ng AHA, o, sa kaso ng isang may-bisang nakasulat na abiso ng pamahalaan, sa loob ng 120 araw bago o pagkatapos ng mandatoryong petsa ng pagbakante; at
- Sa petsa na pinili ng AHA ang aplikante para sa tulong sa pabahay mula sa Listahan ng Paghihintay nito, depende sa pag-beripika ng AHA impormasyon ng aplikasyon ng pamilya, ay hindi nakatira sa karaniwang, permanenteng kapalit na pabahay.

Karawinang, permanenteng kapalit na pabahay ay tinukoy bilang pabahay na disente, ligtas, at malinis ayon sa Housing Quality Standard at Pang-estado at lokal na pamantayan sa pabahay na sapat para sa laki ng pamilya ayon sa Housing Quality Standard at Pang-estado at lokal na pamantayan, at ang pamilya ay naninirahan alinsunod sa isang nakasulat na o oral na pag-upa o kasunduan sa paninirahan.

Karaniwang, permanenteng kapalit na pabahay ay kasama ang mga pansamantalang pasilidad, mga hotel, mga motel, pansamantalang shelter, sa kaso ng Biktima ng Karahasan sa Tahanan, pabahay na inokupa ng isang indibidwal na nagsagawa ng naturang karahasan. Hindi kabilang ditto ang sinumang indibidwal na nabilanggo o nakakulong alinsunod sa Batas ng Estado o isang Batas ng Kongreso. Ang ibinahaging pabahay kasama ang pamilya o mga kaibigan ay hindi itinuturing na karaniwang, permanenteng kapalit na pabahay.

WINAKASAN DAHIL SA KAKULANGAN NG PONDO:

Mga kalahok ng seksyon 8 na winakasan ng AHA dahil sa sobrang pagpapaupa o kakulangan ng pederal na pagpopondo.

PANINIRAHAN:

Mga aplikanteng nakatira o nagtatrabaho sa Lungsod ng Alameda, o mga pamilya ng aplikante kabilang ang hindi bababa sa isang tao na nasa gusting gulang na nakatira o nagtatrabaho sa Lungsod ng Alameda. Para sa mga aplikanteng walang tirahan, ang kagustuhan na ito ay mailalapat kung ang aplikante ay nakatira sa sa isang shelter o transisyunal na pabahay na matatagpuan sa Lungsod ng Alameda o naninirahan sa Lungsod ng Alameda bago nawalan ng tirahan.

PAMILYA (SENIOR O MAY KAPANSANAN):



Isang pamilya kabilang ang 62 taong gulang o mas matanda o isang taong may kapansanan.

BETERANO:

Isang miyembro ng militar, isang beterano na na-discharge o na-release sa ilalim ng mga kundisyon maliban sa kawalang-dangal, o naulilang asawa (gaya ng tinukoy ng Department of Veteran Affairs.)

MGA ESPESYAL NA PROBISYON:

Mayroong dalawang kategorya ng mga Aplikante ng Espesyal na Probisyon:

- Ang mga aplikanteng na residenteng naninirahan sa mga unit na pagmamay-ari at/o pinamamahalaan ng AHA at siyang sobra o kulang sa pabahay at siyang walang naaangkop na unit sa complex kung saan sila nakatira at sa pag-apruba lamang ng Executive Director.
- Kwalipikado sa Family Unification Program (FUP) na mga pamilya at kwalipikado sa FUP na mga kabataan kung saan nilalayan ng AHA na mag-isyu ng FUP na mga voucher na may available pagpopondo na ibinigay ng HUD para sa layuning ito. [Tandaan: Dati itong hiwalay na kagustuhan.] Ang mga pamilyang ito ay dapat na i-refer ng mga ahensyang nakikipagtulungan sa mga pamilya.

ITINATAG:

Ang kwalipikadong mga residente na nakatira sa mga unit sa oras ng panukalang petsa ng pagpili ng may-ari ng propyedad ng PBV para sa Nakabatay sa proyekto na tulong.

Tandaan: dahil sa kahulugan ng kagustuhan na ito, inaasahan na ang mga pamilyang mag-aapply sa ilalim ng pagbubukas ng listahan ng paghihintay ay hindi kwalipikado para sa kagustuhan na ito.

MGA SERBISYONG PANSUPORTA NA PARTIKULAR SA KAPANANAN:

Mga taong may kapansanan na kwalipikado para sa mga serbisyong pansuporta na partikular sa kapansanan na inialok ng Park Alameda sa ilalim ng Ryan White grant mula sa Alameda County. Ang paglahok sa mga serbisyong ito ay bokuntaryo, ngunit ang pamilya ay makakatanggap ng mga punto ng kagustuhan para sa pagiging kwalipikado sa mga serbisyo. Ang kagustuhan ay pinapayagan sa ilalim ng mga regulasyon ng HOTMA. Ang kagustuhan ay limitado sa 9 na unit sa Park Alameda na tinukoy sa ilalim ng kontrata ng HAP bilang ibinukod na mga unit dahil ang mga unit ay tinukoy para sa mga pamilya na may mga miyembrong may kapansanan.

SENIOR:

Isang pamilya na ang pinuno ng sambahayan, katuwang/asawa, o nag-iisang miyembro ay 62 taong gulang o mas matanda.

Q35: Paano ako magsusumite ng isang reklamo para sa isang desisyon na ginawa ng Awtoridad ng Pabahay tungkol sa aplikasyon sa Listahan ng Paghihintay?



A35: Ang isang desisyong ginawa ng Awtoridad ng Pabahay ay maaaring ireklamo sa pamamagitan ng pagsumite ng nakasulat na kahilingan para sa isang impormal na pagsusuri, hindi lalampas sa 14 na araw mula sa petsa na ang desisyon ay ginawa ng Awtoridad.

Gayunpaman, dapat tandaan ng mga aplikante na ang mga isyu tulad ng hindi kumpletong aplikasyon, maling data na inilagay ng aplikante, hindi umabot sa deadline ng aplikasyon at ang kinalabasan ng nakarandom na loterya ay maaaring hindi kwalipikado para sa impormal na pagsusuri. **Huwag ipagpaliban ang iyong pagsumite ng aplikasyon sa panahon ng Mga Pagbubukas ng Listahan ng Paghihintay dahil sa isang hinaing.**

Q36: Mayroon akong reklamo sa patas na pabahay/504. Saan ko gagawin ang reklamo?

A36: Maaari kang makipag-ugnayan sa 504 Coordinator, Sean Prevette, sa (510) 747-4305 o sa 504coordinator@alamedahsg.org. Mangyaring tandaan na dahil sa dami, malamang na hindi kami makakatugon sa kahilingan sa panahon ng Mga Pagbubukas ng Listahan ng Paghihintay. **Huwag ipagpaliban ang iyong pagsumite ng aplikasyon sa panahon ng Mga Pagbubukas ng Listahan ng Paghihintay dahil sa isang reklamo sa patas na pabahay/504.** Maaari mo ring kumpletuhin ang isang form ng diskriminasyon at isumite ito sa HUD. Ang Form HUD-903.1 ay available sa website ng Awtoridad ng Pabahay sa www.alamedahsg.org o online mula sa webpage ng HUD sa http://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/program_offices/administration/hudclips.

Q37: Maaari ba akong gumawa ng mga pagbabago sa aking aplikasyon pagkatapos kong maisumite ito?

A37: Hindi maaaring gumawa ng mga pagbabago sa mga naisumiteng aplikasyon. Kapag nakumpleto na ang random na pagpili, ang mga aplikante ay pinapayagan ng gumawa ng mga pagbabago sa mga impormasyon sa kanilang account sa pamamagitan ng online portal.

Makakatanggap ka ng isang email na nag-aabiso sa iyo ng kinalabasan ng random na pagpili. Kung ikaw ay napili, sa oras na matanggap mo ang email na iyon, maaari kang magsumite ng mga update sa portal.

Q38: Maaari ba akong magdagdag ng karagdagang miyembro ng sambahayan sa aking aplikasyon kapag naisumite ang aking aplikasyon o napili sa loterya?

A38: Kapag pinupunan ang aplikasyon, mangyaring gamitin ang button sa pahina ng miyembro para **idagdag ang lahat ng miyembro ng sambahayan**. Ang mga aplikante ay hindi papayagang magdagdag ng karagdagang miyembro ng sambahayan sa kanilang aplikasyon bago ang random na pagpili. Tandaan lamang na, hindi ka papayagang magdagdag ng anumang karagdagang miyembro ng sambahayan sa iyong aplikasyon bago ang random na pagpili.

Ang mga aplikante ay bibigyan ng oportunidad na magsumite ng mga update ng komposisyon ng kanilang pamilya sa diskresyon ng AHA; gayunpaman, ay mga karagdagan ay pinapayagan lamang sa ilalim ng mga patakaran sa Administratibong Plano ng AHA na makikita sa website ng AHA: <https://www.alamedahsg.org/resource-library/agency-documents/>.



Mangyaring tandaan na ang pagsusumite ng komposisyon ng pamilya ay napapailalim sa pag-apruba ng kawani ng AHA.

Q39: Saan ako makakahanap ng mga tagubilin sa Proseso ng Aplikasyon?

A39: Mangyaring sumangguni sa mga screenshot na matatagpuan sa Mga Tagubilin sa Aplikasyon ng Listahan ng Paghihintay.

